

Papel ng Kaalaman sa Anaphylaxis para sa mga Magulang ng mga Batang Nanganganib sa Anaphylaxis

(Anaphylaxis Fact Sheet for Parents of Children at Risk of Anaphylaxis)

Ano ang anaphylaxis at paano ito ginagamot? (What is anaphylaxis and how is it treated?)

Ang Anaphylaxis ay isang matinding di-pagkahiyang na reaksyon at inilalagay sa panganib ang buhay. Karaniwang mabilis itong mangyari matapos malantad sa pagkain, insekto o kaya gamot na mayroong di-pagkahiyang (allergy) ang isang tao. Ang Anaphylaxis ay kinakailangang ituring bilang isang emerhensiyang medikal at kailangang gamutin kaagad ng adrenaline. Ang **Adrenaline autoinjectors** (e.g. EpiPen®) ay ginawa para ibigay ng mga taong hindi nag-aral ng medisina, gaya ng mga magulang, paaralan o kawani sa paalagaan ng bata, mga kaibigan, mga taong dumaraan o ng taong may alerdyi mismo (kung sila ay walang sakit at nasa edad). Ang mga kagamitang Adrenaline autoinjector ay may lamang isang nakatakang dosis ng adrenaline na mabilis na tumatalab upang malabanan ang anaphylaxis. Ang mga tagubilin sa paggamit ay nakasaad sa etiketa ng kagamitan, sa ASCIA Action Plans para sa Anaphylaxis at makikita sa website ng ASCIA: www.allergy.org.au/health-professionals/anaphylaxis-resources

Kung ang inyong anak ay may diyagnosis na nasa panganib ng anaphylaxis, ang doktor na tumitingin sa kanya ay dapat na magbigay ng:

- Edukasyon sa pag-iwas sa kilalang mga allergen (mga bagay na nagdudulot ng di-pagkahiyang na reaksyon).** Ito ay mahalaga lalo na sa anaphylaxis sa pagkain na maaaring dulot ng kaunting pagkain o di sinasadyang pagkalantad dito. Ang mgaistratehiya ng pag-iwas sa kilalang mga allergen sa pagkain at insekto ay dapat sinusunod sa bahay at paaralan, preschool o paalagaan ng bata. Makakakuha ng karagdagang impormasyon sa website ng ASCIA: www.allergy.org.au/health-professionals/anaphylaxis-resources/anaphylaxis-guidelines-for-schools-and-childrens-services
Alerdyi sa pagkain - www.allergy.org.au/patients/food-allergy Alerdyi sa insekto - www.allergy.org.au/patients/insect-allergy-bites-and-stings
- ASCIA Action Plan for Anaphylaxis.** Binabalangkas sa planong ito kung ano ang dapat mong gawin kung ang inyong anak ay nagkaroon ng di-pagkahiyang na reaksyon. Dapat itong kumpletohin at pirmahan ng doktor ng inyong anak at nakatabi kasama ng adrenaline autoinjector, kahit na ito ay dala-dala ng inyong anak. Kabilang sa plano ang personal na mga detalye, mga senyales ng di-pagkahiyang na reaksyon, mga tagubilin kung paano ang paggamit ng kagamitan (device) at kung dapat ba o hindi bigyan ng iba pang mga gamot.
Karagdagang impormasyon: www.allergy.org.au/health-professionals/anaphylaxis-resources/action-plans-for-allergic-reactions-faq
- Reseta para sa dalawang adrenaline autoinjector.** Ito ay isang paraan upang mapabaunan ninyo ang inyong anak ng isang adrenaline autoinjector sa lahat ng oras (habang nasa loob o labas ng bahay) sa paaralan o paalagaan ng bata. Ang mga mag-aaral na nasa mataas na paaralan at mataas na primeryang paaralan ay dapat karaniwang may dala-dalang isang kagamitan sa sarili nila, habang ang pangalawa ay nakatago sa paaralan. Ang dalawang kagamitan (devices) ay may bayad-tulong ng PBS sa Australia at makakabili sa buong presyo ng karagdagang mga kagamitan sa mga parmasyutika. Karagdagang impormasyon: www.allergy.org.au/health-professionals/anaphylaxis-resources/adrenaline-autoinjectors-faqs
- Pagtuturo kung paano ang paggamit ng adrenaline autoinjector.** Inirerekomendang dapat kang magsanay nang regular gamit ang bersyong pangsanaysa adrenaline autoinjector na inireseta sa inyong anak. Walang karayom ang bersyong pangsanay ng kagamitan at walang lamang adrenaline, para magamit ito nang paulit-ulit sa pagsasanay at pagtuturo sa mga kapamilya at kaibigan.
- Impormasyon sa alahas na medikal na pagkakakilanlan.** Ito ay opsyonal at hindi ipinapalit sa ASCIA Action Plan para sa Anaphylaxis.

Ano ang ginagampanan ng isang magulang? (What is the role of the parent?)

- Ipaalam sa prinsipal ng paaralan/superbisor ng paalagaan ng bata** kung ang inyong anak ay naresetahan ng adrenaline autoinjector; na nagkaroon na dati ng anaphylaxis o sinundan pa ito; may mga pagbabago sa mga alerdyi; at iba pang pangangailangan sa pangangalaga sa kalusugan o mga kapansanan (pati na kahirapan sa pag-aaral) na makakaapekto sa pamamahala ng anaphylaxis.
- Magbigay ng ASCIA Action Plan para sa Anaphylaxis na kinumpleto at pirmado ng doktor ng inyong anak.** Ito ay dapat na napapanahon (kabilang ang larawan) kapag ipina-uulit (renewed) ang mga sa reseta sa adrenaline autoinjector (karaniwang tuwing 12-18 na buwan) o kung nagbago ang mga alerdyi. Itong mga planong ito ay mga dokumentong medikal at hindi dapat kumpletohin o baguhin ng mga magulang, kawani ng paaralan o kawani ng paalagaan ng mga bata.
- Magbigay ng adrenaline autoinjector sa paaralan, preschool o paalagaan ng bata ng inyong anak.** Palaging tandaan ang petsa na nakalagay sa etiketa at palitan ang kagamitan bago pa ito malipasan ng bisa. Kahit na ang inyong anak ay nagdadala ng sarili niyang adrenaline autoinjector, dapat kang magbigay ng isa pang adrenaline autoinjector sa paaralan. Ito ay kinakailangan kung magkaroon ng pangyayaring walang dala-dala ang inyong anak kapag kinailangan.
- Tumulong sa pagbubuo ng Plano sa Pangkalusugang Pangangalaga ng Indibidwal (Individual Health Care Plan) o Plano sa Pagbabawas ng Peligro (Risk Minimisation Plan).** Ito ay isang planong binuo ng kawani ng paaralan, preschool o paalagaan ng bata para suportahan ang pangangailangan sa pangkalusugang pangangalaga ng inyong anak.
- Naaangkop sa edad na edukasyon.** Turuan ang inyong anak kung paano iiwasan ang mga kilalang allergen at kung bakit ito mahalaga. Paalalahanan sila na kapag nakaramdam ng pagkasakit, dapat silang magpasabi kaninuman sa malapit, tulad ng isang guro o iba pang adulto. Ipagisuro sa kanilang iyan ang tamang gagawin at huwag silang matakot na malagay sa gulo sa paggawa nito.



australasian society of clinical immunology and allergy

Ano ang mga tungkulin sa inyong anak ng paaralan, preschool o serbisyo sa pag-aalaga ng bata?(What are the responsibilities of your child's school, preschool or childcare service?)

- Pagsasanay ng kawani** sa kamalayan, pamamahala, pagtukoy ng senyales at pandagling paglulunas sa anaphylaxis.
- Pagpapasunod ng mgaistratehiya** para mabawasan ang panganib sa di-sinasadyang pagkalantad sa kilalang mga allergen, kabilang na ang mga partikular na mga kaganapan gaya ng ekskursyon.
- Naaangkop na pagtatabi ng mga adrenaline autoinjector** na kasama ang ASCIA Action Plan para sa Anaphylaxis sa isang madaling mapuntahang lugar, malayo sa direktang sikat ng araw at init. Kailangang alam din ng kawani ang pinagkasunduang lugar (hal. bursa, bag sa beywang, bag pang-eskwela) ng mga kagamitang dala-dala ng mga mag-aaral.

Karagdagang impormasyon (Further information)

- Australasian Society of Clinical Immunology and Allergy (ASCIA) www.allergy.org.au**
Propesyonal na Samahang Pangmedikal na nagbibigay ng elektronikong pagsasanay (e-training), mga mapagkukunan sa kalusugan ng propesyonal, impormasyon para sa mga pasyente at gumagamit
- Allergy & Anaphylaxis Australia www.allergyfacts.org.au**
Samahang Panguporta sa pasyente sa Australya na nagbibigay ng payo at mga mapagkukunan tungkol sa alerdyi at anaphylaxis
- Allergy New Zealand www.allergy.org.nz**
Samahang Panguporta sa pasyente sa New Zealand na nagbibigay ng payo at mga mapagkukunan tungkol sa alerdyi at anaphylaxis
- Allergy New Zealand www.allergy.org.nz**
- Food Standards Australia and New Zealand (FSANZ) www.foodstandards.org.au**
Nagbibigay ng impormasyon tungkol sa mga batas sa paglalagay ng pangalan sa pagkain at mga allergen ng pagkain sa mga etikita ng pagkain.